THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#525 SEPTEMBER 16-30, 2024 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Canada nanalo ng 29 medalya sa Paris Paralympics



*Hindi napigilan ni Nicholas Bennett ang kanyang mga luha nang matanggap ang kanyang gintong medalya sa SB14 100m breaststroke.*



*Ang mga atleta mula sa Canada ay nag-uwi ng 29 na medalya mula sa 2024 Paris Paralympics — kabilang ang 10 ginto, ang pinakamaraming Canadian na nanalo sa isang Summer Paralympics mula noong 2008 Beijing Games.*




TalibaFlipzMedia

**Photography Services**

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos $20 per photo (with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'



- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans

**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

TPB PHL
TOURISM PROMOTIONS BOARD PHILIPPINES

## PROMO TOUR TAKASAN ANG LAMIG

# WINTER ESCAPADE

## 9 TO 18 FEBRUARY 2025


## LOVE THE PHILIPPINES




**The Winter Escapade** will take place in the Philippines on ***February 9 to 18, 2025.*** Led by the Department of Foreign Affairs, in cooperation with the Department of Tourism's Tourism Promotions Board and Rajah Tours, the itinerary for the tour combines the best of ***Metropolitan Manila, Laoag, Vigan, and La Union*** into one adventure-packed and enriching vacation experience. ***Details on page 9-10***




## APPLY TODAY - WORK TOMORROW!




We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Mga taga-Ontario magpabakuna na laban flu simula Oktubre 2024

***Ang libreng flu shots ay handa na sa publiko simula Oktubre 28, 2024.***



Inanunsyo ng Ontario na ang flu shots ay magiging available ilang linggo mula ngayon para sa pinaka-vulnerable na mga tao, kasama ang mga residente ng long-term care, at sa pagtatapos ng Oktubre para sa buong publiko.

Sinabi ng Ministry of Health na ligtas at kombenyente na sabay tumanggap ng COVID-19 shot at ng flu shot, ang mga shipment ng updated COVID na bakuna ay darating sa Ontario sa unang bahagi ng Oktubre.

Parehong panahon kung saan inaasahan na magiging available ang flu shots para sa mga residente at staff sa long-term care homes, mga taong nasa ospital at staff ng ospital, kasunod ang mga tao na nasa retirement homes, ibang congregate settings at mga tao edad 65 pataas.

Sinabi ng ministry na ang libreng flu shots para sa publiko ay magiging available simula Oktubre 28, 2024, sa primary care offices, participating pharmacies at ilang public health units.

Ang bakuna laban sa respiratory syncytial virus o RSV ay magiging available sa Oktubre, libre para sa mga kwalipikadong tao, kasama ang mga sanggol, high-risk na mga bata hanggang 24 na buwan gulang, at mga residente ng long-term care homes at retirement homes.

Sinabi ni Chief Medical Officer of Health Dr. Kieran Moore na importante na manatiling up to date sa mga bakuna, dahil na rin sa tumataas na mga kaso ng whooping cough. ***RCI***




ACTION Honda

HONDA




4334 KINGSTON ROAD (AT LAWRENCE AVE. EAST)
416-281-1234 • www.myactionhonda.com




# Paano ba talaga ipinatutupad ang bagong ban ng cellphone sa eskwelahan?

**Ipinakilala ng ilang probinsiya sa Canada ang cellphone ban sa pasukan ng 2024-2025.** Ang ban ay na-iiba depende sa hurisdiksyon pero lahat sila ay pareho ang layunin: ang higpitan ang paggamit ng cellphone sa klasrum para bawasan ang ma-distract at maituro ang ligtas na paggamit ng social media.

***Backpack?*** Tsek. ***Bote ng tubig?*** Tsek. ***Cellphone?*** Komplikado 'yan.

Ang pagbubukas ng pasukan ay nakakapanibago para sa ilang mga estudyante dahil sisimulan ng ilang probinsya sa Canada ang cellphone ban sa pasukan para sa taong 2024-2025. Magkaiba ang mga pagbabawal sa bawat hurisdiksyon ngunit lahat ay pareho ang layunin: ang maghigpit sa paggamit ng cellphone sa klasrum at bawasan ang ma-distract at matulungan na matuto sa ligtas na paggamit ng social media.

Habang papalapit na ang Setyembre, may kalituhan sa mga pagbabawal mismo, kung paano sila aktwal na ipapatupad — at sino ang gagawa.

Napansin ng education experts at mga titser na ang hindi pagkakapare-pareho sa kung paano ipatupad ang cellphone ban, at ilan sa mga titser ang nag-aalala para sa kanilang personal na kaligtasan kapag sila ang mangungumpiska ng cellphone.

Ang iba sa public education system ay nasa ibaba ng kanilang listahan ang cellphones, sa mga alalahanin, at ang pagbabawal sa mga ito ay hindi tugon sa sanhi ng gambala at lungkot ng mga estudyante.

Ang cellphone bans ay may pagkakaiba-iba sa bawat probinsya, at sa loob ng probinsya, at sa bawat distrito.

Sa ilang probinsya, gaya ng Nova Scotia at Saskatchewan, ipinagbabawal ang cellphones sa oras ng klase para sa lahat ng K-12 na estudyante. Ang ilang probinsya, gaya ng Ontario at Manitoba, ay may sariling tiered system sa iba't ibang grado. Halimbawa, sa Ontario, ang estudyante ng K-6 ay kailangan naka-silent ang telepono at hindi makikita sa buong araw, kahit pa sa mga oras na walang klase tulad sa oras ng lunch at recess, at ang mga estudyante sa grade 7-12 ay pinagbawalan gumamit ng telepono sa oras ng klase maliban kung pahintulotan ng titser.



Ang mga titser sa New Brunswick ay magkakaroon ng malalagyan ng mga estudyante sa kanilang at naka-silent mode ito sa isang designated area.Didisiplinahin ang mga estudyante kung gagamitin ang cellphones para istorbohin ang silid-aralan (halimbawa, gagamitin para manakot, manloko o plagiarism).

Sa Alberta, ang mga dibisyon ng eskwelahan ay may hanggang Enero 1 para gumawa ng sarili nilang mga patakaran at paraan kahit pa may provincial standards na ipatutupad simula Setyembre.

Ayon kay Jason Schilling, ang pinuno ng Alberta Teachers' Association, sa Canadian Press kamakailan na ang pagroll-out ng mga patakaran ngayong Taglagas ay ikinalito ng ilang titser kung paano dapat nila ito masusunod.

Mangungumpiska sila ng telepono na mamahalin, may pag-alinlangan sila na gawin ito nang walang malinaw na patakaran, polisiya o pamaraan bago simulang gawin ito, ani Schilling.

Gayundin sa B.C., gagawa ang school districts ng kanilang sariling mga patakaran para masunod ang utos ng probinsiya.

Sa ilang mga distrito, gaya sa Vancouver, ang pinagbabawalan lang ay mga bata sa elementarya. Samantala, sa Mission, B.C., ang mga estudyante sa sekondarya na paaralan ay pinayagan gumamit ng cellphone sa oras na walang klase, gaya ng tanghalian at sa breaks.

Para tulungan na makagawa ng polisiya, humihingi ng feedbak ang Mission Public School District. At ayon sa Mission City Record, lumilitaw na ang isa sa mga ipinag-aalala batay sa feedback ay ang iatas ang responsibilidad sa mga titser. Isa sa mga sinabi ng isang titser na dahil hindi pare-pareho ang mga pagbabatayan, ang mga estudyante ay patuloy na magmaang-maangan sa bawat isa. ***RCI***

# Senado bigo na mapaamin si Alice Guo sa pagsisiyasat ng pamahalaan



Alice Guo

***Na-dismiss na alkalde ng bayan ng Bamban sa Tarlac na si Alice Guo.***

Isang na-dismiss na town mayor na tumakas mula sa Pilipinas matapos akusahan na tumulong sa pagtataguyod ng iligal na online gambling at scam centre na nagke-cater sa mga kliyente sa Tsina ay naaresto sa kapitolyo ng Indonesia, sinabi ng mga opisyal kamakailan.

Inaresto ng mga awtoridad ng Indonesia si Alice Guo sa isang bahay sa satellite city ng Tangerang sa Jakarta bago mag-hatinggabi, ayon kay Khrisna Murti, pinuno ng international division ng National Police.

Ang presidente ng Pilipinas na si Ferdinand Marcos Jr. pinasalamatan ang mga awtoridad ng Indonesia.

**Senado bigo na mapaamin si Alice Guo**

Nabigo ang Senado na mapaamin si Alice Guo na siya at si Guo Hua Ping ay iisa at mayroon siyang kinalaman sa Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs) hub sa Tarlac.


“Ako si Alice Guo,” giit

"The Travel partner You Can Trust!" tico.ca
Polaris Travel & Tours
Contact us for LOW AIRFARES to the Philippines!
polaristravel.eng
polaris_travel
T. 416.224.9919 TOLL FREE 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall
6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

Very Clean COIN LAUNDRY &....DRY CLEAN DEPOT
(Near Bellamy Rd & Lawrence Ave E....find us in Google!)



Dry Clean – Low Prices, Fresh & Clean
- Skirts, Pants, Blouses
- Men Shirts
- Suits 2 pcs
COIN LAUNDRY
. Large Laundry Folding Tables on premises
. Free WiFi & Change Machines on premises
OPEN DAILY TILL 11.00 pm
Avoid the Rush...come during weekdays!
Site: 416-289-7514
Cedargreen Coin Laundry
3340 Lawrence Ave East, Unit 5, Scarborough, ON M1H 1A7

nang nasibak na alkalde sa tanong kung siya si Guo Hua Ping na isang Chinese national.

Sa pagdinig nanindigan din si Guo na siya ay Pilipino kahit pa muling iniharap sa kanya ang mga dokumento na nagsasabing iisa ang kanilang fingerprints ni Guo Hua Ping.

Halos isang oras iginisa si Guo tungkol sa kaniyang totoong pagkakakilanlan pero nabigo ang mga senador na mapaamin ang dating mayor.

Dahil sa hindi pag-amin na siya si Guo Hua Ping, muling pinatawan ng contempt ng komite si Guo na sinegundahan nina Senators Joel Villanueva at JV Ejercito.

"This is a blatant defiance of the legislative's constitutional power of inquiry. Lumalabas na pinaglalaruan mo ang aming batas at pinapaikot mo ang mga Pilipino. Ibahin mo ang Senado," ani Hontiveros. ***Pilipino Star Ngayon***

## Tinedyer umamin na guilty sa pagpatay ng homeless na lalaki sa Toronto


*Kenneth Lee*

Ang ikatlong batang babae na inakusahan sa pagkamatay ng isang homeless na lalaki sa Toronto ay umamin na guilty.

Ang tinedyer, na 13 taong gulang noong pangyayari ay umamin na guilty sa manslaughter ni Kenneth Lee.

Sinabi ng pulisya na si Lee, 59-anyos at namumuhay sa shelter system ng siyudad, ay namatay pagkatapos kuyugin at saksakin ng isang grupong teenager na mga babae noong Disyembre 2022.

Walong babae sa pagitan ng edad 13 hanggang 16 ang inaresto pagkatapos ng insidente at kinasuhan ng second-degree murder ng hukom kamakailan.

May dalawang batang babae sa mas magaan na kaso na manslaughter. Dalawang babae ang umamin na dati na guilty sa kaso — isa sa manslaughter at ang isa sa assault causing bodily harm at assault with a weapon.***RCI***

## 14-anyos sinilaban ang 15-anyos na babae sa isang high school sa Saskatoon

**Isang 15-anyos na babae ang sinilaban ng kapwa estudyante sa Evan Hardy Collegiate sa Saskatoon, Saskatchewan noong Huwebes, ayon sa pulisya.**

The suspect we have in custody started the other victim on fire, sinabi ni Saskatoon Police Service Sgt. Ken Kane sa mga reporter sa isang news conference Huwebes ng hapon. Ang insidente naganap noong tanghali.

Tumulong ang mga titser na apulahin ang apoy, ani Kane. Ang 15-anyos na biktima ay dinala sa ospital na pinaniniwalaang may seryosong injuries. Isang titser ang sinugod din sa ospital.

Ani Kane ang mga magulang ng biktima ay kasama niya, ngunit wala pang update tungkol sa kanyang kondisyon.

Pagkatapos ng insidente, inaresto kaagad ng isang school resource officer (SRO) na nasa eksena para sa ibang kadahilanan ang 14-anyos na babaeng suspek. Ang ibang pulis, fire at ambulance crews ay dumating ilang sandali pa, ani Kane. Ani Kane mahirap din ang sitwasyon para sa mga officer at iba pang rumesponde.

The mood in our office is quite low, aniya. This is not something we ever expected. ***RCI***

# Sino ang mahihirang na Pinoy of the Year sa Canada ngayong 2024?


***Iginawad kay Dr. Rey Pagtakhan, unang Filipino Canadian na naging Member of Parliament, ang Lifetime Achievement Award ng Golden Balangay Awards noong 2019.***

**12 na kategorya. 73 nominado na indibidwal at organisasyon.**

Malalaman na kung sino ang hihirangin at gagawaran ng prestihiyosong pagkilala mula sa mga nominado sa Golden Balangay Awards kabilang ang kikilalanin na Pinoy of the Year (POY) sa Canada para sa taong 2024.

Siyam na nominado ang pinagpipilian ng panel of judges ng Golden Balangay Awards (GBA), isang Canada-wide search na award-giving body para sa Filipino Canadians, para sa kategorya ng Pinoy of the YearPOY.

Ilan sa nominado para sa Pinoy of the YearPOY ang mga Pilipino na nag-migrate sa Canada at nagtayo ng kanilang mga negosyo, kompanya, mga tumulong sa komunidad at mga nagtagumpay sa kani-kanilang propesyon sa iba't ibang larangan.

Kabilang sa nominado sa Pinoy of the YearPOY ngayong taon sina Abby Villanueva, presidente at CEO ng isang business conglomerate; Alex Briones, nagtayo noon ng computer service company at ngayon isang pursigido na realtor; Anne Estrabo Reyes, isang maybahay na masigasig tumulong sa komunidad; at Jerry Caingcoy na kilalang lider sa komunidad ng Filipino Canadians sa Calgary, Alta. Nominado rin ngayong taon sina Jean Kimberly Villafuerte, isang lisensyadong paralegal sa Brampton, Ont.; Karissa Chieko Narukami, isang pintor sa Richmond, B.C.; Christian Rodriguez, isang event organizer at community builder sa Red Deer, Alta.; at Kyne Santos, isang educational video creator mula sa Kitchener, Ont.; at si Mark Anthony Gravoso, isang registered nurse mula sa Markham, Ont., na tumutulong para makabalik sa propesyon ang internationally educated nurses sa Canada.

Noong isang taon, iginawad ang 2023 Pinoy of the Year award kay Antonio Flores, isang world-class para-athlete sa loob ng 23 taon at nirepresenta ang Canada sa pandaigdigan na kompetisyon sa tatlong sports: wheelchair racing,



**Makikita sa litrato ang mga nagwagi noong isang taon, 2023 GBA, kasama ang mga bumubuo ng executive team ng GBA, production members at lokal na lider sa Edmonton, AB.**

paracanoe at paraskiing. Si Flores ay nagsilbi bilang Director General ng Whang Yun Dai Achievement Award para sa siyam na International Paralympic Committees.

Ang mga Pinoy of the Year awardees naman sa mga nagdaang taon ay sina: Narima Dela Cruz (2019), Paulina Corpuz (2018) at Patrick Alcedo (2017). Hindi gaya ng ibang kategorya ng Golden Balangay AwardsGBA, walang hinirang na awardee sa Pinoy of the YearPOY sa Canada para sa taong 2021 at 2022 nang tumigil ang mundo dahil sa COVID-19.

Tumaas na populasyon ng Canadians na lahing Pilipino

Ayon sa datos noong Hunyo 2023 na inilabas ng Statistics Canada, 957,355 katao ang may lahing Pilipino na ipinagmamalaki ang pagiging Filipino Canadian.

Noong isinagawa ang 2021 census ng populasyon, malaking parte o 76.5 porsyento sa Filipino Canadians (355,680 katao) ay nakatira sa Ontario, Alberta (203,960) at British Columbia (172,915).

Sa report ng 2021 census, 757,410 ang nagsabi na ipinanganak sila sa Pilipinas at nag-migrate sa Canada. Ang Pilipinas ang pumapangatlo sa pinakamalaki na pinanggagalingan na bansa ng imigrasyon sa Canada batay sa naturang census kasunod ng India (1.2 milyon katao) at China (830,980).

Ini-report na naramdaman ng malaking bilang ng Filipino Canadians ang pagiging kabahagi ng lipunan. Nasa 9 sa bawat 10 (92%) ang nagsabi na 'somewhat strong or very strong sense of belonging' sa tinitirhan na probinsya, bayan o siyudad sa Canada noong tagsibol ng 2022.

Sa paglaki ng populasyon ng Filipino Canadians ay lumalawak naman ang impluwensiya at mahahalagang ginagampanang papel sa iba't ibang lebel ng lipunan - pribado o pampubliko.

Naitala noong 2020 na karamihan sa Filipino Canadians ay nagtatrabaho sa pagbebenta at serbisyo (182,535), health care (98,030), negosyo, pananalapi at administrasyon (79,360), at sa trades (65,985).

Ilan sa Filipino Canadian ang piniling maging lingkod-bayan at pinasok ang pulitika. Sa kasalukuyan, si Member of Parliament Rechie Valdez, mula sa riding ng Mississauga-Streetsville, ang elected na opisyal na may pinakamataas na posisyon na may dugong Pilipino. Siya ay kasalukuyang miyembro ng gabinete ng Liberal na gobyerno at nagsisilbi bilang Minister of Small Business.

***Golden Balangay Awards GBA at ang kanilang misyon***

Ayon kay Claire Dela Gana, project lead ng GBA (bagong window), naitayo ito noong 2017 dahil sa paghahanap ng kabataang Filipino Canadians ng landas na tatahakin sa akay ng mga nauna sa kanila sa Canada.

Ang rason bakit itinulak na maitayo ang Golden Balangay Awards ay dahil nung ginanap ang isang Young Filipino Canadian Leaders Summit, sinabi ng kabataan na 'We are doing so many things. We are not getting a tap on the shoulder. We do not know who our role models are … saan namin hahanapin? Sino ang puwede [na] magiging mentor?' ani Dela Gana.




***Sina Ronnie Dela Gana, co-founder at chairman ng GBA, at Claire Dela Gana, project lead, magkasama sa isang litrato pagkatapos ng isang meeting sa Misssisauga, Ontario.***

Sinabi ni Jovito Favila, co-founder ng Golden Balangay Awards, na ang naitatag na Golden Balangay AwardsGBA ay pagtupad sa pangako at pagmamalaki sa pagiging may dugong Pilipino.



***Si Jovito Favila ay co-founder ng Golden Balangay Awards na itinatag noong 2017.***

"Isang pagtugon, lumabas kami sa aming comfort zone. Sinagot namin ... na may puso at malasakit sa pagtupad sa hiling ng kabataan at para sa [mas magandang] kinabukasan ng Filipino Canadians," sabi naman ni Favila.

Ang salitang balangay ay hango sa sasakyang pantubig ng sinaunang mga Pilipino na kumokonekta noon sa kanila sa mga karatig-isla. Ang balangay din ayon sa mga tagasaliksik ay siyang sinasakyan ng mga Pilipino sa pakikipagkalakalan sa

mga karatig-bansa sa Asya.

Sa website ng Golden Balangay AwardsGBA, sinabi na napili ang salitang golden balangay para makilala ng susunod na mga henerasyon ng Pilipino ang kontribusyon ng mga nauna sa kanila sa paghubog ng maritime tradition sa bansa at ang maipasa ang asal ng pagkakaisa, pagkakasundo, katapangan at kagitingan.

Sa panayam ng Radio Canada International kay Ronnie Dela Gana, chairman at co-founder ng Golden Balangay AwardsGBA, sinabi niya na isang grassroots approach ang kanilang ginawa ngayong taon para itaguyod ang misyon ng organisasyon.

It's been a while na 'yong [Golden] Balangay [Awards] is held outside Ontario. This is the time that, we, the directors and founders, are working on it. Kumpara sa ibang probinsya mas lumalapit kami sa mga lokal [na residente]. This year, the most impactful is the launching of the [Golden Balangay] Foundation. Secondly, is the kick-off ng project about the national scholarships program, sabi ni Dela Gana.

Kasama sa gagawaran ng prestihiyosong pagkilala ngayong taon ang mga Pilipino sa Canada na nagpakita ng hindi matatawaran na husay sa larangan ng edukasyon, pagnenegosyo, sining, isports, media at ang natatanging pagkilala para sa mapipili na manggagawang Pilipino para sa kontribusyon sa lipunan ng Canada.

Napili na parangalan para sa Golden Balangay AwardsGBA Lifetime Achievement Award ngayong taon ang isang alagad ng sining at siyensya si ***Dr. Samuel Peralta.***



***Napiling igawad kay Dr. Samuel Peralta, isang alagad ng sining at syensya, ang Lifetime Achievement Award sa darating na 2024 Golden Balangay Awards.***

Ang **Golden Balangay Awards** ay ginanap sa Sheraton Fallsview and Convention Centre noong, Setyembre 7 ng Sabado ng hapon. Napanood ang livestream sa presentasyon ng awards sa mga Facebook page ng Golden Balangay Awards GBA, RNG Channel, CMPS at Global Pilipinas. ***RCI***

# PAL Promo Tour sa Pilipinas sa Panahon ng Taglamig

**Isang Philippine tour promo** ang inaalok para sa darating na Pebrero upang akitin ang mga kababayan sa Canada at magyaya ng marami na pumunta sa Pilipinas sa panahon ng taglamig. Pero limitado ang seats at may palugit para sa mga gustong sumama sa nakatakdang Winter Escapade tour.

Nakatakda sa ika-18 hanggang 27 ng Pebrero 2025 ang Philippine tour. Ang sasama sa Winter Escapade 8 ay dadalhin sa piling mga destinasyon sa Maynila, Cebu, Iloilo at Bohol.



**Humarap sina Rajah Tours President Jose Clemente III, gitna, DOT Attache Francisco Lardizabal, kaliwa, at Philippine Airlines Country Manager for Canada Allan Coo, kanan, para sagutin ang tanong ng media, travel agency operators at mga opisyal sa komunidad ng mga Pilipino sa Toronto tungkol sa nakatakdang Philippine tour.**

Magsisimula ang tour sa isang wreath laying ceremony sa Luneta Park sa Maynila sa unang araw. Kasama na papasyalan sa tour ang Ayala Museum, Intramuros o 'di kaya ang Chinatown. Sa mga kasunod na araw naman ay dadalhin ang tour sa biyahe papuntang Iloilo, Cebu at Bohol.

Kabilang sa mga bibisitahin ang popular at dinadayo na whale shark watching sa bayan ng Oslob. Dadaanan ang Moalboal Sardine Run and Pilgrimage habang

magkakaroon naman ng tour sa Balicasag at food tour sa Bohol.

Aside from satisfying your heart ay nakakatulong pa tayo sa ekonomiya [ng Pilipinas] at may chance para manalo ng prizes, sabi ni Philippine Department of Tourism New York Attaché Francisco Lardizabal nang ilunsad ang proyekto sa Toronto.

Ang rate ng tour package ay aabot ng $2,300 hanggang $3,500 kada tao depende sa pipiliin na akomodasyon kung mag-isa o may kasamang ibang tao sa apat na tutuluyang hotel. Ang tour ay tatagal ng 10 araw para maikot ang mga destinasyon. Kasama sa rate ang lahat ng transportasyon pagdating sa Pilipinas at ang mga domestic flights.

Huling ginanap ang Winter Escapade tour sa Pilipinas noon pang 2020 bago magpandemya. Sa paghahambing, higit na mataas ang rates ng tour sa darating na taon kumpara noong 2020. Paliwanag ni Lardizabal ito ay dahil sa peak season na petsa ng biyahe, pinahaba na tour mula sa pito naging siyam na gabi, tatlong domestic airfares ngayon papunta sa destinasyon na dati ay dalawa lang at ang adjustment dahil sa inflation.

Ang Winter Escapade 8 ay pinangungunahan ng foreign affairs at tourism




***Ipinaliwanag ni Francisco Lardizabal ng Department of Tourism ang pupuntahan na mga destinasyon sa Winter Escapade 8 tour sa kanyang pagbisita sa Toronto.***

department ng Pilipinas sa pakikipagtulungan ng isang tour company sa bansa.

Ang **Winter Escapade 8** ay bukas para sa magrerehistro hanggang sa Oktubre 15. Kailangan bayaran ang $600 ng isang magpaparehistro online para sa tour. Hindi kasama sa package at hiwalay ang bayarin para sa connecting at non-stop flights mula sa 13 na siyudad sa Canada papuntang Pilipinas.

Ang flag carrier na Philippine Airlines ay may alok na promo rates sa bibili ng tiket na bibiyahe isang linggo bago at pagkatapos ng tour. Hinimok ng naturang airline ang gustong bumiyahe ng side trip maliban sa itinerary ng tour na agahan ang pagkuha ng tiket. Aabot sa $1,700 hanggang $2,500 ang isang economy trip ticket sa flight na Canada-Pilipinas.

***Sa gusto ng Toronto non-stop flights Feb. 7, 11 and 14 [flight papuntang Pilipinas] at [sa] pabalik ang non-stop [flights] March 6, 10 and 13, sabi ni Philippine Airlines Country Manager for Canada Allan Coo.***

Ipinakilala naman ng tourism department ng Pilipinas sa mga sasali sa Winter Escapade 8 tour na mangyaring bisitahin at mag-register sa ***Bisita Be My Guest website*** para sa isang programa sa turismo kung saan ang isang sponsor na nag-iimbita ng bibiyahe at ang foreign national na turista sa Pilipinas ay parehong may tsansa na manalo ng premyo.

Ayon sa Department of Tourism ng Pilipinas, may 3.6 milyong turista na ang dumating sa Pilipinas mula Enero hanggang Agosto ngayong taon. Ang Canada ang pang-anim sa mga bansa na pangunahing pinanggagalingan ng mga bumibisita na umabot na sa 168,000 sa naturang mga buwan. ***RCI***





# DATOL ORDER

**By Mon Datol**

# Quiboloy mga alagad naglaglag, kikita ng P14M pabuya

Mismong mga babaeng alagad umano ni Pastor Apollo Quiboloy ng Kingdom of Jesus Christ (KOJC) ang nagbigay ng tip sa mga awtoridad sa eksaktong pinaglulunggaan ng kanilang lider kaya ito nadakip kapalit ng kabuuang pabuyang P14 milyon. Ayon pa sa report, pisikal na...

Ayon din sa ilang source, hindi pa tiyak ang bilang ng mga impormante na tatanggap ng P14 milyong gantimpala para sa pagbibigay ng impormasyon na nagresulta sa pag-aresto sa KOJC leader at apat pang iba, ayon sa PNP. Basta ang importante ay maibibigay ang milyong pabuya at...

***Hindi ilalahad kung sino nag-benta sa ulo ng Amo.***



***Apollo Quiboloy** (C, in orange), pastor and founder of the Philippine-based Kingdom of Jesus Christ (KOJC) church, is presented to the media while Philippine National Police chief Rommel Marbil (front) looks on during a press* conference at the national police headquarters in Manila on September 9, 2024 ***AFP***

Ipinakita na rin ni DILG Secretary Benhur Abalos ang mukha ni Pastor Apollo Quiboloy at 4 pang kapwa akusado sa ginawang mugshot sa kanila ng PNP matapos silang batikusin nang takpan ang mukha at balutin halos buong katawan ng mga ito sa unang nilabas sa publiko na parang mummy, kayat parang...

***Hindi si Quiboloy unang ipinakita sa masa.***

**********

Mayroon umanong private army na tinatawag na 'Angel of Death' si Quiboloy na siyang hahabol sa mga naglalabas ng mga sikreto ng pastor partikular sa mga batang kanyang pinagsamantalahan ayon sa salaysay ng mga batang biktima na inabuso. Sagot ni Atty. Mark Tolentino, isa sa mga abogado ni Quiboloy...

***Hindi totoo ang 'Angel of Death' ng pastor.***

**********

Si Apollo Quiboloy, ang nagpakilalang "Hinirang na Anak ng Diyos" at matagal nang kaalyado ng mga Duterte, ay nalambat na rin ng otoridad at nasa likod ng rehas matapos ang apat na buwang pagtugis. Hindi lamang ito isang dagok sa kanyang relihiyosong kulto kundi pati na rin sa minsang hindi matinag na kaharian ng kapangyarihan ng mga Duterte sa Davao City. Kaya nga sigaw ng mga naabuso ng pastor matapos itong ikulong ay...

***'Walang himala PACQu!***

'**********

Sa loob ng maraming taon, ang alyansa ng Duterte at Quiboloy ay naghari sa lugar, inaabuso ang pananampalataya, naghasik ng karahasan at patronahe upang patatagin ang kanilang pamumuno, ngunit sa pagkakasukol ni Quiboloy at ng pekeng Filipino na si Alice Guo, nakita ng masa ang unti-unti ngunit tiyak na pagguho ng political brand ng mga Duterte. Dahil...

***Lahat may katapusan***.

**********

At sino nga ba si Alice Guo? Isang pekeng Pilipino na tahimik na sumuot sa lokal na gobyerno upang isulong ang iligal na interes ng mga POGO na umusbong sa ilalim ng administrasyong Duterte. Ang kanyang pagkakaaresto ay isang tagumpay sa pagtanggal ng mga haligi ng 'POGOnomics' na pinalago ng Duterte administration, na isang kalakarang nagpalubog sa bansa sa malalang kriminalidad habang pinapabayaan ang mga Pilipino. Pero, ayon nga kay Diwata...

***Lilipas din yan, kuya***

!**********


Sa pagka-aresto kina Pastor Quiboloy at Alice Guo, ang lahat ng mga mandarambong ay mananagot sa batas. Ang pekeng propeta na si Quiboloy ay humaharap sa mga kasong rape, pang-aabuso ng bata, at human trafficking sa Pilipinas at Estados Unidos. Ang pekeng Pilipino na si Alice Guo, ang mukha ng mga POGO ay nasa harap din ng hustisya. Pati ang pekeng crime fighter umano na si Digong ay malapit ng usigin ng ICC sa libo-libong EJKs dulot ng kanyang madugong drug war. Tablado na mga ito dahil...

***Mananagot na sa batas ang lahat ng peke.***

**********

Ilang mga sikat na personalidad na nagtago kay Quiboloy ay kakasuhan ng 'obstruction of justice' o paglabag sa PD 1829 ng DILG at PNP bunsod ng pagtatago sa nagtatag ng KOJC ayon kay DILG Sec. Abalos, dahil nilinlang at nilito ng mga ito ang pamahalaan at kapulisan upang hindi madakip si PACQu nang magsimula ang kanilang operasyon sa nasabing compound.

'***No one is above the law' ani Sec. Benhur Abalos.***




# Pandaigdig na Kapayapaan — Bakit Parang Napakaimposible?



**Bigo ang pagsisikap ng mga tao na magdulot ng pandaigdig na kapayapaan, at patuloy silang mabibigo dahil:**

• "Hindi sa taong lumalakad ang magtuwid man lamang ng kaniyang hakbang." (Jeremias 10:23) Hindi binigyan ang mga tao ng kakayahan o karapatan na pamunuan ang kanilang sarili, kaya hindi nila mararanasan ang namamalaging kapayapaan sa sarili nilang pagsisikap.

• "Huwag ninyong ilagak ang inyong tiwala sa mga pangulo, sa mga taong hindi makapagliligtas. Kapag pumanaw na ang kanilang espiritu, nagbabalik sila sa lupa; sa araw ding iyo'y nawawalan ng saysay ang kanilang mga balak." (Awit 146:3, 4, Ang Biblia—Bagong Salin sa Pilipino) Kahit pa dalisay ang motibo ng mga lider ng gobyerno, hindi sila makapaglalaan ng solusyong lubusang mag-aalis sa ugat ng digmaan.

• "Sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib na mahirap pakitunguhan. Sapagkat ang mga tao ay magiging . . . mga mabangis, mga walang pag-ibig sa kabutihan, mga mapagkanulo, mga matigas ang ulo, mga mapagmalaki." (2 Timoteo 3:1-4) Nabubuhay tayo sa "mga huling araw" ng napakasamang daigdig na ito, kung kailan napakahirap matamo ang kapayapaan dahil sa nangingibabaw na ugali ng mga tao.

• "Sa aba ng lupa at ng dagat, sapagkat ang Diyablo ay bumaba na sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam na mayroon na lamang siyang maikling yugto ng panahon." (Apocalipsis 12:12) Ang Diyablo, ang kaaway ng Diyos, ay itinapon sa lupa at inuudyukan niya ang mga tao na maging marahas din gaya niya. Hangga't siya ang "tagapamahala ng sanlibutang ito," hinding-hindi tayo mabubuhay nang payapa.—Juan 12:31.

• "Dudurugin . . . at wawakasan [ng Kaharian ng Diyos] ang lahat ng mga kahariang [kumakalaban sa Diyos], at iyon ay mananatili hanggang sa mga panahong walang takda." (Daniel 2:44) Ang Kaharian ng Diyos lamang, hindi ang pamahalaan ng tao, ang makapagdudulot ng inaasam nating namamalaging pandaigdig na kapayapaan.—Awit 145:16.



# Kapayapaan sa Lupa—Paano?

Magkakaroon ng kapayapaan sa lupa, hindi sa pamamagitan ng gobyerno ng tao, kundi sa pamamagitan ng Kaharian ng Diyos na pinamamahalaan ni Kristo Jesus sa langit. Tingnan ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa magandang pag-asang ito.

**1. Patitigilin ng Diyos "ang mga digmaan hanggang sa dulo ng lupa,"** bilang pagtupad sa pangako niyang magdala ng "kapayapaan sa lupa sa mga kinalulugdan niya!"—Awit 46:9; Lucas 2:14, Good News Translation.

**2. Ang Kaharian ng Diyos sa langit ay mamamahala sa buong lupa.** (Daniel 7:14) Bilang isang pandaigdig na gobyerno, aalisin nito ang nasyonalismo, na siyang ugat ng maraming digmaan.

**3. Titiyakin ni Jesus, ang Tagapamahala ng Kaharian ng Diyos at tinatawag na "Prinsipe ng Kapayapaan,"** na ang "kapayapaan ay hindi magkakaroon ng wakas."—Isaias 9:6, 7.

**4. Ang mga taong palaban ay hindi pahihintulutang mabuhay sa ilalim ng Kaharian,** yamang "ang sinumang umiibig sa karahasan ay kinapopootan nga ng [kaluluwa ng Diyos]."—Awit 11:5; Kawikaan 2:22.

**5. Tinuturuan ng Diyos ang kaniyang mga sakop kung paano mamuhay nang payapa.** Dahil dito, sinasabi ng Bibliya na "pupukpukin nila ang kanilang mga tabak upang maging mga sudsod at ang kanilang mga sibat upang maging mga karit na pampungos. Ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, ni mag-aaral pa man sila ng pakikipagdigma."—Isaias 2:3, 4.

Ngayon pa lang, milyon-milyong Saksi ni Jehova sa buong daigdig ang natututo na mula sa Diyos kung paano maging mapagpayapa. (Mateo 5:9) Bagaman iba't iba ang lahi namin at nagmula kami sa mahigit 230 lupain, hindi kami nakikipagdigma sa aming kapuwa. **JW.org**



# Jerry Caingcoy-2024 Pinoy of the Year

**Isang Filipino Canadian ang kinilala na Pinoy of the Year sa katatapos na 2024 Golden Balangay Awards sa isang malaking pagtitipon.**

Idinaos ang pagtitipon sa sikat at paboritong puntahan ng mga turista sa iba't ibang panig ng mundo - ang City of Niagara Falls, Ont.

***Kinilala si Jerry Caingcoy, isang Filipino Canadian mula sa Calgary, Alta., na 2024 Pinoy of the Year.***

Dahil sa kanyang mga inisyatiba, adbokasiya at proyekto na nakatulong para lalong makilala ang komunidad ng Filipino Canadians sa ginawang kontribusyon para sa siyudad ng Calgary at sa lipunan ng Canada.

Ipinakilala si Caingcoy na isang mahusay na event organizer, community builder, mahusay na host sa programa ng telebisyon at nagsulong ng mga inisyatiba sa multikulturalismo ng komunidad. Siya ay mentor din na tumutulong sa internationally-trained professionals para sa kanilang integrasyon sa bansa.

Noong isang taon, si Jerry Caingcoy ang kinilala bilang GBA Executive of the Year sa Edmonton, Alta. Isa rin siya sa mga binigyang parangal sa The Immigrant Champions of Canada dahil sa ipinakitang husay bilang lider. ***RCI***



Jerry Caingcoy

# 3 Pinoy pinarangalan sa ika-15 na Canadian Immigrant Awards



***Mga Filipino Canadians na nanalo sa 15th Annual Top 25 Canadian Immigrant Awards. Mula kaliwa patungong kanan: Winston Sayson, Ann Pornel at Edward Venzon Cruz.***

Pinarangalan nitong Agosto ang mga imigrante na nagmula sa iba't ibang parte ng mundo para sa kanilang natatanging kontribusyon sa lipunan ng Canada sa Top 25 Canadian Immigrant Awards.

Tatlong Filipino Canadians na sina Ann Pornel, isang komedyante at aktres; Edward Venzon Cruz, isang registered nurse, akademiko at mananaliksik; at Winston Sayson, isang retiradong trial Crown Counsel at community volunteer.

Ang mga nanalo ay pinili matapos ang malawak na nominasyon, judging, shortlisting at pampublikong botohan online. Daan-daang nominasyon ang natanggap, kung saan 75 finalists ang na-shortlist ng isang diverse judging panel ng mga nakaraang winners. Halos 68,000 na boto ang naitala online. Ang mga nanalo ay pinili batay sa kombinasyon ng mga boto at merit scores ng mga hurado.

Samantala, mahigit 960,000 na mga Pilipino ang naninirahan sa Canada ngayon. Ang Pilipinas ang ikatlong pinakamalaking source ng mga imigrante sa Canada pagkatapos ng India at Tsina.

Kilalanin ang mga Pilipinong pinarangalan sa Canadian Immigrant Awards ngayong taon.

Simulan natin kay **Ann Pornel** ***na isang komedyante, aktres at host ng The Great Canadian Baking Show*** kung saan siya ay nanomina para sa Canadian Screen Award for Best Host or Presenter noong 2022 at 2023.

Mula sa Toronto, Ontario, si Pornel ay nagpahayag ng natatanging pananaw tungkol sa diversity, body image at inclusion sa kanyang komedya. Bawat uri ng istorya ay mahalagang ikuwento, pero ang media ay may tendency na magpokus sa mga istorya ng sakit at pagdurusa. Importante para sa akin ang ipakita ang kasiyahan ng pagiging isang malusog na Pilipina, dahil hindi ko iyon napanood sa mga screen habang lumalaki, ani Pornel sa kanyang interbyu sa Canadian Immigrant.

Isa namang kampeon ng mga nurse si **Edward Venzon Cruz, PhD**.

Siya ay isang researcher at associate professor sa Faculty of Nursing sa University of Windsor. Bago niya narating ang posisyon na ito, nagdaan din sa mga pagsubok si Cruz. Tulad ng ibang internationally trained professionals, nahirapan siyang ipa-recognize ang kanyang credentials: isang bachelor of science sa nursing at PhD sa edukasyon mula sa Pilipinas at pangalawang PhD mula sa Japan. ***Noong nag-a-apply ako para sa mga akademikong posisyon sa mga unibersidad sa Greater Toronto Area pagkatapos dumating sa Canada, hindi man lang ako nakakuha ng anumang interbyu, kuwento niya sa Canadian Immigrant***.

Kaya naman ginawang misyon ni Cruz ang pagtulong sa internationally educated nurses (IENs) na maipa-recognize ang kanilang credentials. Siya ngayon ang co-chair ng Partners in Integration and Education of IENs, sinusuportahan ang IEN bridging initiatives ng Canadian Association of Schools of Nursing, at nasa project steering committee ng CARE Centre for IENs. Bukod doon, si Cruz ay isa ring research consultant para sa Integrated Filipino Canadian Nurses Association at isang founding member at president-elect ng Philippine Nurses Association of Canada.

***Biktima naman ng rasismo*** si **Winston Sayson** na nag-migrate sa Canada mula sa Pilipinas noong 1980s. Dahil naniniwala si Sayson na ang ganitong rasismo ay exception sa isang bansa na kilala sa pagiging bukas-palad at pagkakaiba-iba ng lahi, nagpokus si Sayson sa pagtulong sa kanyang komunidad sa Richmond, British Columbia.

Siya ay nagkaroon ng matagumpay na karera bilang trial Crown Counsel sa British Columbia Prosecution Service. Naging eksperto sa pag-uusig sa mga krimen na ginawa laban sa mga bata at mga taong vulnerable. Ang pinakamahalagang parte ng aking trabaho ay ang oportunidad na magpakita ng kabaitan, empatiya at suporta sa mga naging biktima at pinahirapan ng krimen, ani Sayson.

Retirado na mula sa pagiging trial Crown Counsel, si Sayson ay patuloy na tumutulong sa komunidad bilang isang volunteer support services worker sa Canadian Red Cross at isang adviser para sa Federation of Asian Canadian Lawyers BC. Ginawaran siya ng British Columbia Medal of Good Citizenship.

**Maaari ninyo ring silipin ang nakaka-inspire na kuwento ng 22 pang winner na nagmula sa bawat sulok ng mundo sa website ng Canadian Immigrant magazine.** ***RCI***

# Filipino girl group Bini dinumog ng fans ang Canadian concert tour




***Sold out ang kanilang Canadian tour sa Winnipeg, Vancouver at Edmonton***

***Ang latest single ng Bini, Cherry on Top, humakot ng isang milyon na streams sa Spotify wala pang 24 oras mula nang i-release.***

Naaalala niyo pa ba nang sumikat ang Korean pop music — K-pop — sa buong mundo? Ngayon, may bagong melodic hurricane na nag-landfall sa Canada kamakailan.

Ang Bini, isang bagong girl group mula sa Pilipinas, nagtanghal noong nakaraang buwan sa Centennial Concert Hall, at ang fans sa komunidad ng mga Pilipino sa Winnipeg ay naki-jam sa kanila.

Ang Bini ay unang naging viral sensation nang maging TikTok dance craze ang kanilang kanta na Pantropiko.

Ang grupo, na binubuo ng walong kababaihan, ay kilala para sa kanilang catchy upbeat tunes. Ang kanilang pinakahuling single, Cherry on Top, humakot ng isang milyong streams sa Spotify wala pang 24 oras matapos itong i-release.



Ang fans sa Winnipeg na sina Shaine Panganiban, kaliwa, at Karen Ocampo, kanan, tinulungan si Ejhay Perez, gitna, na i-distribute ang fan merch bago ang concert.

Ang kanilang fans tinatawag ang mga sarili na Blooms. Dito sa Canada, maraming Blooms ang umusbong.

Ang Bini ay aksidenteng nadiskubre ni Perez, na lumitaw sa kanyang algorithm by chance isa at kalahating taon na ang nakalipas.

Importante na ipakita raw niya ang kanyang suporta bilang isang fan.

Even though Bini doesn't know me, I want [them] to know that I support them, especially because it's their first international concert, ani Perez.

We've been waiting for this. I don't want to miss anything.

Para sa unang international tour, kinomisyon ni Perez ang isang artist at naglabas ng pera mula sa sariling bulsa upang i-print ang halos 5,000 hand banners na kanyang ipinamigay sa kapwa fans sa concert.

We don't want to gatekeep Bini from other people. So we want to show the world who Bini is, and I want them to know more of Bini. Especially the songs and the meaning of their songs, ani Perez.

Ang Bini phenomenon ay hindi eksklusibo sa Filipino community.

Si Caydence Simpson ay isang K-pop fan na nadiskubre ang Bini sa pamamagitan ng social media at kanyang mga kaibigan. Aniya ang P-pop ay may pagkakatulad sa K-pop.



Si Caydence Simpson ay isang K-pop fan na nadiskubre ang Bini sa pamamagitan ng social media at mga kaibigan.

I really like their style, and the way their outfits are styled, and the style of their music videos, ani Simpson. It's just very fresh and colourful and it really goes well with a young audience. ***RCI***

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.




**Filipino Canadians** *(French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated* ***957,355****, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for* ***Filipino immigrants****.*

**ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry,** call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT* ***www.talibaflipzmedia.com*** *or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***